# MENSAHE MULA SA AIDS DRUG ASSISTANCE PROGRAM NA ABISO PARA SA MGA PAGPAPATUPAD SA PAGKAPRIBADO

Nagsimula noong Disyembre 1, 2023

---

**INILALARAWAN SA ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT IPAALAM ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO MO MAAAKSES ANG IMPORMASYONG ITO.**

**BASAHIN ITONG MABUTI**

---

Dapat panatilihing pribado ng AIDS Drug Assistance Program (ADAP) at anumang mga nauugnay na entidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa ADAP ang iyong impormasyong pangkalusugan. Tumatanggap ang ADAP ng impormasyon tungkol sa iyo kapag nag-aplay ka para sa mga benepisyo at kapag nagpadala ng tala sa ADAP ang iyong parmasyutiko ng singil na babayaran para sa iyong pangangalaga. Tumatanggap din ang ADAP ng medikal na impormasyon sa iyong paggamot kapag inaprubahan ng ADAP ang iyong pangangalaga. Dapat ibigay sa iyo ng ADAP ang abisong ito tungkol sa batas at kung paano magagamit at maibabahagi ng ADAP ang iyong impormasyong pangkalusugan at kung ano ang iyong mga karapatan.

## PAANO MAAARING GAMITIN AT IBAHAGI NG ADAP ANG IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO

Maaari lamang gamitin at ibahagi ng ADAP ang impormasyon tungkol sa iyo, ayon sa kinakailangan o pinahihintulutan ng batas, sa pagpapatakbo ng ADAP, Ryan White HIV/AIDS Program, Covered California, at Medi-Cal. Kabilang sa impormasyong ito ang mga bagay tulad ng iyong pangalan, address, personal na detalye, kasaysayang medikal, numero ng Social Security, at pangangalagang medikal na ibinibigay sa iyo at iba pang personal na impormasyon.

Ginagamit ng ADAP ang impormasyong ito at ibinabahagi sa iba dahil sa mga sumusunod:

- **Para sa pagbabayad:** Sinusuri, inaaprubahan, at binabayaran ng ADAP at iba pang nakikipagtulungan sa ADAP ang mga tala ng singil na babayaran sa parmasya na ipinadadala sa ADAP para sa iyong pangangalagang medikal. Kapag ginawa ito ng ADAP, nagbabahagi ang ADAP ng impormasyon sa tagapamahala ng mga benepisyo sa parmasya, mga parmasyutiko, mga doktor, at iba pang naniningil sa ADAP para sa iyong pangangalaga.
- **Para sa pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan:** Maaaring gamitin ng ADAP ang iyong mga rekord ng kalusugan upang suriin ang kalidad ng paggamot gamit ng inireresetang gamot na natatanggap mo at upang suriin ang iyong medikal na pangangailangan para makatanggap ng mga pinaghihigpitang gamot sa ADAP. Maaari ding gamitin ng ADAP ang impormasyong ito sa mga pag-audit o pagsisiyasat ng pandaraya, o para sa pagpaplano at pamamahala sa programa ng ADAP.
- **Pagpapasya sa Kwalipikasyon:** Maaaring ibahagi ng ADAP ang iyong impormasyon sa ADAP sa isang Sertipikadong Enrollment Counselor ng Covered California, o sa isang counselor kaugnay ng mga benepisyo, tagapamahala ng kaso, o kawani sa pag-enrol sa OA-Health Insurance Premium Payment Program (OA-HIPP) na isang empleyado o kontratista ng isang kagawaran ng kalusugan ng county na saklaw ng Health Insurance and Portability and Accountability Act (HIPAA) na naghahatid ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan kaugnay ng HIV o AIDS, para sa layuning i-enrol ka at ipagpatuloy ang iyong pag-akses sa isang planong pangkalusugan ng Medi-Cal o Covered California.

- Maaari ding ibahagi ng ADAP ang iyong pangalan at numero ng Social Security o numero ng pagkakakilanlan ng indibidwal na nagbabayad ng buwis sa California State Franchise Tax Board. Nagbibigay-daan ito sa ADAP na maberipika ang iyong kita mula sa mga naiulat na talaan ng buwis at nagpapahintulot sa amin na makakuha ng kinakailangang dokumentasyong pinansiyal kung wala ka ng mga rekord na ito.

## IBA PANG MGA PARAAN NA MAAARING IBAHAGI NG ADAP ANG IYONG IMPORMASYON

Pinahihintulutan din ng batas ang ADAP na gamitin o ipaalam ang impormasyong mayroon ang ADAP tungkol sa iyo para sa mga sumusunod na dahilan:

- Upang makipag-ugnayan sa iyo tungkol sa iyong mga benepisyo sa ADAP.
- Kapag kinakailangan ng batas ng estado o pederal na pamahalaan.
- Sa mga ahensiyang nangangasiwa sa mga pag-audit o pagsisiyasat para sa mga layuning direktang nauugnay sa ADAP.
- Sa mga apela kaugnay ng mga desisyon tungkol sa mga paghahabol sa pangangalagang pangkalusugan na binayaran o tinanggihan ng ADAP.
- Sa Kalihim ng Kagawaran ng Mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao ng Estados Unidos (U.S. Department of Health and Human Services) kapag iniimbestigahan o sinusuri nito kung paano nakasusunod ang ADAP sa mga batas hinggil sa pagkapribado.
- Sa ibang mga ahensya ng gobyerno na nagbibigay ng mga pampublikong benepisyo tulad ng Medi-Cal, sa ilalim ng mga itinakdang kondisyon na pinahihintulutan ng batas.
- Sa sandatahang lakas kung ang indibidwal ay mga tauhan ng Sandatahang Lakas o dayuhang tauhan ng militar at ang pagbibigay ng impormasyon ay itinuturing na kailangan ng naaangkop na mga awtoridad ng pamunuang militar
- Sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa pagsasagawa ng mga awtorisadong gawain kaugnay ng intelligence, counterintelligence, at iba pang mga aktibidad sa pambansang seguridad.

Maaaring magbigay ang ADAP ng impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo sa mga organisasyong tumutulong sa pagpapatakbo ng programa ng ADAP. Kung gagawin ng ADAP ang mga naturang pagbibigay ng impormasyon, titiyakin ng ADAP na pinoprotektahan nito ang pagkapribado ng iyong impormasyong ibinabahagi ng ADAP.

Nililimitahan ng ilang batas ng estado ang pagbabahagi ng impormasyong nakalista sa itaas. Halimbawa, may mga espesyal na batas, na nagpoprotekta sa impormasyon tungkol sa katayuang may kinalaman sa HIV/AIDS, paggamot sa kalusugang pangkaisipan, mga kapansanan sa pag-unlad, at pangangalaga kaugnay ng pagkalulong sa droga at alak. Susunod ang ADAP sa mga batas na ito.

## WALANG DISKRIMINASYON

Walang umiiral na diskriminasyon sa ADAP batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, kasarian, edad, katauhang pangkasarian, pagpapahayag ng kasarian, oryentasyong sekswal, o kapansanan.

## KAPAG KAILANGAN ANG NAKASULAT NA PAHINTULOT

Kung nais ng ADAP na gamitin o ibigay ang personal at impormasyong pangkalusugan tungkol sa iyo para sa anumang kadahilanan na hindi nakalista sa itaas, dapat sumulat ang ADAP para hingin ang iyong pahintulot. Maaari mong bawiin ang iyong nakasulat na pahintulot anumang oras, maliban kung kumilos na kami dahil sa iyong pahintulot.

## ANO ANG IYONG MGA KARAPATAN SA PAGKAPRIBADO SA ILALIM NG BATAS?

May karapatan kang:

- Hilingin sa ADAP na ipagbawal ang ilang partikular na paggamit o pagbabahagi ng iyong personal na impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan. Gayumpaman, maaaring hindi matupad ng ADAP ang iyong kahilingan maliban sa isang kadahilanan: kung magbabayad ka nang buo para sa isang procedure na pangkalusugan na karaniwang sinisingil sa isang planong pangkalusugan, tutuparin ng CDPH ang iyong kahilingan na huwag ibahagi sa planong pangkalusugan ang impormasyon tungkol sa procedure na iyon.
- Hilingin sa ADAP na kumpidensyal na makipag-ugnayan sa iyo (halimbawa, sa pamamagitan ng pagsulat lamang o sa ibang address, post office box, o sa telepono). Tatanggapin ng ADAP ang mga makatwirang kahilingan kung kinakailangan para sa iyong kaligtasan.
- Tingnan at kunin ang kopya ng iyong impormasyon sa ADAP. Maaaring mag-utos ka ng iba para tingnan at kunin ang kopya ng iyong impormasyon sa ADAP. Ang ADAP ay may impormasyon tungkol sa iyong pagiging kwalipikado, sa mga singil sa pangangalagang pangkalusugan mo, at ilang mga medikal na rekord na ginagamit ng ADAP upang bigyang-daan o pamahalaan ang iyong mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Maaaring kailanganin mong magbayad para magawang kopyahin at ipadala ng ADAP ang mga rekord. Maaaring ipagkait ng ADAP na makita mo ang lahat o bahagi ng iyong mga rekord kapag pinahihintulutan ng batas. Kung tatanggihan ng ADAP ang iyong kahilingan sa pag-akses, bibigyan ka ng ADAP ng impormasyon kung paano iapela ang aming desisyon.
- Baguhin ang mga rekord kung naniniwala kang mali ang ilang impormasyong mayroon ang ADAP tungkol sa iyo. Maaaring tanggihan ng ADAP ang iyong kahilingan kung ang impormasyon ay hindi ginawa o iningatan ng ADAP o ang impormasyon ay tama at kumpleto na. Kung tinanggihan ang iyong kahilingan, maaari kang sumulat ng liham ng pagtutol sa desisyon ng ADAP at iingatan ang sulat mo kasama ng iyong mga rekord.

---

**MAHALAGA**

**ANG ADAP AY WALA NAMANG KUMPLETONG MGA KOPYA NG IYONG MGA MEDIKAL NA REKORD. KUNG NAIS MONG MAKITA, KUMUHA NG KOPYA NG, O PALITAN ANG IYONG MGA MEDIKAL NA REKORD, MAKIPAG-UGNAYAN SA IYONG DOKTOR, KLINIKA, O PLANO SA PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN**.

- May karapatan kang humingi ng listahan ng mga pagkakataong ibinahagi ng ADAP ang iyong impormasyong pangkalusugan pagkaraan ng Abril 14, 2003. Makikita mo sa listahan kung anong impormasyon ang ibinahagi ng ADAP, kanino, kailan, at sa anong mga kadahilanan. Hindi makikita sa listahan kung kailan ibinigay sa iyo ng ADAP ang impormasyon, kung kailan nakuha ng ADAP ang iyong pahintulot para magbigay ng impormasyon, o kung kailan ibinahagi ng ADAP ang iyong impormasyon para sa paggamot, pagbabayad, o mga gawain sa pangangalagang pangkalusugan.

- May karapatan kang makatanggap ng nakasulat na kopya nitong Abiso para sa mga Pagpapatupad sa Pagkapribado kapag hiniling mo ito. Upang magawa ito, makipag-ugnayan sa Coordinator ng ADAP Health Insurance Portability and Accountability Act batay sa impormasyon sa ibaba. Makikita mo rin ang abisong ito sa aming website sa https://www.cdph.ca.gov/Programs/CID/DOA/Pages/OAadap.aspx

## PAANO KA MAKIKIPAG-UGNAYAN SA ADAP PARA MAGAMIT ANG IYONG MGA KARAPATAN?

Tumawag o sumulat sa ADAP kung nais mong makatanggap ng (mga) form na kakailanganin mo para magamit ang iyong mga karapatan sa pagkapribado.

---

Pinuno ng Sangay ng ADAP
ADAP
California Department of Public Health
P.O. Box 997426, MS 7704
Sacramento, CA 95899-7426
(844) 421-7050

---

Maaari ka ring makipag-ugnayan sa iyong kawani sa pag-enrol sa ADAP para sa mga form na kinakailangan upang magamit ang iyong mga karapatan.

Kung naniniwala kang hindi pinoproptektahan ng ADAP ang iyong pagkapribado, maaari kang magsampa ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa:

---

Privacy Officer

Office of Legal Services, Privacy Office

California Department of Public Health

P.O. Box 997377, MS 0506

Sacramento, CA 95899-7377

(877) 421-9634

privacy@cdph.ca.gov

---

## MGA REKLAMO

Maaari ka ring tumawag o sumulat sa Secretary of the United States (U.S.), Department of Health and Human Services, Office for Civil Rights, 90 7th Street, Suite 4-100, San Francisco, CA 94103, telepono (800) 368-1019, TDD (800) 537-7697 o mag-email sa ocrmail@hhs.gov.

Ang ADAP ay hindi maaaring magtanggal ng iyong mga benepisyo sa pangangalagang pangkalusugan, maghiganti sa anumang paraan kung maghain ka ng reklamo, o gumamit ng alinman sa mga karapatan sa pagkapribado sa abisong ito.

Kung mayroon kang anumang mga katanungan tungkol sa abisong ito, at nagnanais ng karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa California Department of Public Health, Privacy Officer, sa address at numero ng telepono na nakalista sa itaas.

## MGA PAGBABAGO SA ABISO PARA SA MGA PAGPAPATUPAD SA PAGKAPRIBADO

Dapat sundin ng ADAP ang mga tuntunin ng abisong ito. May karapatan ang ADAP na gumawa ng mga pagbabago sa Abisong ito para sa mga Pagpapatupad sa Pagkapribado. Kung gumawa ng anumang materyal na pagbabago ang ADAP, babaguhin ng ADAP ang abisong ito at ibibigay agad sa iyo.

Para makakuha ng kopya ng abisong ito sa ibang mga wika, Braille, o malaking print, tumawag o sumulat sa ADAP sa numero ng telepono o address na nakalista.